# Liham

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Bata palang si Maxine ay puno na sya ng mga pangarap kahit nagmula sa mahirap na pamilya, buo ang isip nya na balang araw magiging isa syang abogado.

Upang makapag aral sa hyskol namasukan sya sa isang karinderya bilang taga hugas ng plato,tuwing uwian mula sa paaralan ay tumutungo na sya sa knyang pinasusukang trabaho.

Sa hirap ng kanyang sitwasyon pinipilit parin nyang balansehin ang oras ng pag aaral at paghahanap buhay dahil sa knyang mga pangarap.Namumuhay na lamang siyang mag isa sapagkat ulila na sya sa kanyang mga magulang tanging kanyang tiyahin ang kanyang natitirang kamag anak.

Para makapag aral ng kolehiyo namasukan naman sya sa isang sikat na kainan at ito narin ang paraan upang matustusan nya ang kanyang pag aaral,mahirap maraming luha sa tuwing sya ay pinanghihinaan ng loob pero pinipilit parin nyang maging matatag para sa kanyang mga pangarap.

Lumipas ang panahon dahil sa kanyang pagtitiyaga naging ganap na siyang mahusay na abogado.

Isang araw naisipan nyang magbuklat ng kanyang mga lumang gamit.ng may makita syang maliit na kahon at doon nya natagpuan ang isang liham sa tagal ng panahon ngayon lamang niya ito mababasa

Maxine mahal kong anak,

Nais kong ipaalam sayo na mahal na mahal ka namin at kahit wala na kami pinaghandaan namin ang iyong kinabukasan, at nais parin namin na mabigyan ka ng maayos na buhay kalakip nito ang passbook ng at titulo ng mga lupa na magagamit mo sa iyong pag aaral.

Nagmamahal,

Nanay at Tatay.

Napahagulgol si maxine,hindi nya alam na dapat noon pa ay hindi na sya makakaranas ng hirap ng buhay kung agad nya itong nakita,kinailangan nya pang magtiis at maghirap upang matupad ang kanyang mga pangarap

Naipangako nya sa kanyang sarili na papahalagahan nya ang naiwan ng kanyang mga magulang at papalaguin upang maging instrumento ito upang mas marami pa syang tao na matulungan lalo na yung mga kapos palad na nangangailangan ng pagkalinga at tulong .

Naisip na malaki ang naging tulong ng mga hirap at tiis nyang naranasan upang maging masigasig at masipag sa pag aaral at makamtan ang tinanatamasa nya ngayon.